

ACTIVITY

A. Isulat ang angkop na pangalan ng tauhan sa patlang upang mabuo ang pangungusap.



Isaac



Rebecca



Esau



Jacob

1. Ang panganay na anak ni _____ ay mamula-mula ang kutis at mabalahibo ang katawan kaya tinawag siyang _____.
2. Ipinagpalit ni _____ ang kanyang karapatan bilang panganay sa sabaw na niluto ni _____.
3. Inutusan ni _____ si _____ na ihuli siya ng hayop at lutuin ang putahing gusto niya.
4. Si _____ ang tumanggap ng basbas ni _____ sa halip na si _____.
5. Nalaman ni _____ ang balak ni _____ kaya't pinapunta niya si _____ sa Haran upang dun muna manirahan.
6. Inutusan ng Diyos si _____ na bumalik sa lupain ng kanyang mga magulang.
7. Patakpong sinalubong ni _____ si _____ niyakap at hinagkan.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang hiningi ni Jacob kay Esau kapalit ng sabaw na niluto niya?

2. Paano napunta kay Jacob ang basbas na sana ay para kay Esau?

3. Ano ang naisip na gawin ni Esau kay Jacob matapos malaman na napunta kay Jacob ang kanyang basbas?

4. Paano naiwas si Jacob mula sa epekto ng galit ni Esau?

5. Ano ang kinahinatnan ng relasyon ng magkapatid?

Nakita natin sa kuwento na alam ni Jacob ang kahalagahan ng karapatan bilang panganay kaya nang manghingi si Esau ng pagkain ito ang hiningi niyang kapalit. Nang ibibigay na ni Isaac ang basbas para sa panganay, alam din ni Jacob na ito ay mahalaga kaya hindi siya nagatubiling magpanggap na siya si Esau. Mali ang ginawa ni Jacob, siya ay nagkasala. Bagamat hindi maganda ang ginawa niya sa kapatid niya dumating ang panahon na siya ay pinatawad nito. Kung paano tayo pinapatawad ng Diyos sa mga maling nagagawa natin dapat ay marunong din tayong magpatawad. Dapat din ay marunong tayo magpakumbaba, aminin ang ating pagkakamali at humingi ng tawad sa tuwing tayo naman ang nakagawa ng kasalanan.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.

Ang magkapatid na JB at Bambam ay parehong varsity players sa kanilang paaralan. Pareho silang magaling maglaro ng basketball at

magaling din sa pag-aaral. Kaya naman pinagmamalaki sila ng kanilang mga magulang. Si JB ay malinis sa kuwarto at maayos sa gamit habang si Bambam naman ay kabaligtaran. May mga pagkakataon na nagagalit si JB sa nakababatang kapatid sapagkat lagi na lang nagugulo ang kaniyang gamit sa tuwing may hihiramin ang kapatid o kaya ay hahanapin sa kanyang kuwarto. Bunga nito ay nag-aaway sila madalas.

Minsan pa ay napansin ni Nanay Patty na hindi nag-uusap ang magkapatid kaya kinausap niya ang mga ito.

JB: Nakakainis na kasi nanay itong si Bambam. Lagi na lang siya nagngugulo ng kuwarto.

Pinagsabihan ni Nanay Patty ang nakakabatang kapatid tungkol sa hindi magandang gawain niya at ipinaliwanag din kung bakit nagagalit ang kanyang kuya.

Bambam: _____

(Isulat dito kung ano sa tingin mo ang dapat sabihin ni Bambam kay JB)

Mga tanong:

1. Ano ang tamang gawin ni Bambam?

2. Ano naman ang tamang gawin ni JB?

Minsan ang magkapatid ay nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan, pagtatalo o pag-aaway. Sa tuwing mangyayari sa atin ito, dapat tayong matutong humingi ng tawad sa ating pagkakamali at maging handa rin naman magpatawad. Tayong mga bata ay dapat na laging maghangad ng mapayapang samahan sa ating mga kapatid, kaibigan at kamag-aral.



D. Memory Verse:

Maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo. **Efeso 4:32**

